


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

4

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 6
## Wastong Paggamit ng Iba't-ibang Uri ng Pangungusap



Pangalan ng Mag-aaral: ______________________________

Baitang at Seksiyon: ______________________________

Pangalan ng Paaralan: ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Martenes T. Cop, Nhor B. Camatua

**Editor:**

**Tagasuri:** Myra Dacula, Dionesia T. Labura

**Tagapagpamahala:** Majarani M. Jacinto EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, Ed.D
Chief CID

Florencio R. Caballero
EPS – LRMDS

Josephine L. Tomboc
EPS- Filipino



# Alamin

Sa modyul na ito, matutuhan mo ang wastong paggamit ng iba't-ibang uri ng pangungusap sa panayam; magagalang na pananalita sa iba't-ibang sitwasyon; pagbibigay ng puna sa editorial cartoon; Nakaguguhit ng sariling editorial cartoon; nagagamit ang mga uri ng pangungusap sa pakikipagdebate tungkol sa isang isyu.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang matutunan mo ang mga sumusunod:

- Nagagamit sa panayam ang iba't ibang uri ng pangungusap **(F4WG-IVd-h-13.4)**
- Nagagamit ang magagalang na pananalita sa iba't ibang sitwasyon; Pagbibigay ng puna sa editorial cartoon . **(F4PS-IVe-12.18)**
- Nakaguguhit ng sariling editorial cartoon . **(F4PU-IVe-3)**
- Nagagamit sa pakikipag talastasan ang mga uri ng pangungusap. **(F4WG-IVb-e-13.2)**
- Nagagamit ang mga uri ng pangungusap sa pakikipagdebate tungkol sa isang isyu . **(F4WG-IVh-j-13.6)**



# Balikan

Basahin ang dayalogo at isulat sa sagutang papel ang iyong sagot sa mga tanong sa ibaba.

**Dayalogo:**

Jaime: Ana! Ana! bumaba ka nga rito sandali.
Ana: Bakit po kuya? Ano po ba ang nangyari?
Jaime: May dumating na package para sa iyo.
Ana: Pakisabi po sa delivery boy na sandali lang at tatapusin ko lang po itong ginagawa ko.
Jaime: Bilisan mo at baka mainip si kuya.
Ana: Opo, ito na po bababa na ako.
Jaime: Sige kuya maiwan ko na po kayo ng kapatid ko.
Ana: Kuya, kanino po galing ang package na ito?
Delivery Boy: Sa nanay n'yo po kay Gng. Lopez.
Ana: Sa wakas! Salamat at dumating na ang padala ni nanay. Delivery Boy: Salamat din po at mabilis ang iyong naging pagtugon.
Ana: Walang anuman po. Mag - ingat po kayo sa daan.

**Mga tanong:**

1. Sino ang tinawag ni Jayme na bumaba?
   ____________________________________________________________
2. Bakit kaya niya ito tinawag?
   ____________________________________________________________
3. Ano ang natanggap ni Ana?
   ____________________________________________________________
4. Saan nanggaling ang
   ______package?______________________________________________
5. Kung ikaw si Ana, ano kaya ang mararamdaman mo?
   ____________________________________________________________
6. Ano kaya ang maaring paksa sa dayalogong ito?
   ____________________________________________________________



# Tuklasin

A. Tingnan at basahin ang mga sumusunod na pangungusap.

| |
|---|
| Walang anuman po. Mag - ingat po kayo sa daan. |
| Kuya, kanino po galing ang package na ito? |
| Pakisabi po sa delivery boy na sandali lang at tatapusin ko. |
| Sa wakas! Salamat at dumating na ang padala ni nanay. |

Sa mga pangunusap na iyong binasa, alin dito ang:

a. Pautos: ______________________________________________
b. Pasalaysay: ___________________________________________
c. Patanong: _____________________________________________
d. Padamdam: ____________________________________________

A. Balikan ang "Dayalogo". Isulat sa patlang ang mga magagalang na salita sa pangungusap.

1. _________, ito na ______ bababa na ako.
2. Mag - ingat ________ kayo sa daan.
3. Walang anuman______. Mag - ingat _______ kayo sa daan.
4. Kuya, kanino _________ galing ang package na ito?
5. Pakisabi _________ sa delivery boy na sandali lang at tatapusin ko lang ________ itong ginagawa ko.



# Suriin

Sa pagpapahayag ng ating naiisip o nadarama gumagamit tayo ng apat na **uri ng pangugusap.**

**Tandaan:**

Ang mga ito ay:

1. **Pasalaysay o paturol**- ang pangungusap na ito ay naglalahad ng katotohanang o nagpapahayag ng opinyon at ito ay nagtatapos sa bantas na tuldok (.).
   *Halimbawa:*
   Malapit na ang pista dito sa atin.

2. **Patanong**- ito ay ang pangungusap na nagtatanong at nagtatapos sa bantas na tandang pananong (?).
   *Halimbawa:*
   Maghahanda po ba tayo?

3. **Pautos o Pakiusap**- ang pangungusap na pautos ay nagpapahayag ng pormal na pag-uutos at magalang na pakikiusap. Ito ay maaring magtapos sa bantas na tuldok ( . ) o tandang pananong ( ? )
   *Halimbawa:*
   a. Mag imbita kayo ng mga kaibigan.
   b. Pakikuha mo nga ang tubig ko sa mesa.

4. **Padamdam**- ang pangungusap na ito ay nagpapahayag ng matinding damdamin at nagtatapos ito sa bantas na tandang padamdam ( ! ).
   *Halimbawa:*
   Naku! Nasunog ang bahay.



# Pagyamanin

Tingnan at unawain ang ***Editorial Cartoon*** *sa ibaba.*



https://www.manilatimes.net/2020/11/13/editorial-cartoons/typhoon-ulysses-aftermath/795546/

Mga tanong:

1. Anu-ano ang mga nakikita mo sa larawan?
2. Tungkol saan ang larawan?
3. Anu-ano kaya ang mga dahilan sa pangyayaring ito?
4. Sa iyong palagay, ano kaya ang pwedeng gawin ng ating pamahalaan upang masolusyunan ang ganitong sakuna?

A. Suriin ang mga sumusunod na pangungusap tungkol sa larawang nasa itaas. Tukuyin kung anong uri ng pangungusap ang mga ito.

| | | |
|---|---|---|
| a. Padamdam | b. Pasalaysay | c. Pautos |
| d. Pakiusap | e. Patanong | |

__________ 1. Ano ang ginagawa ng pamilya sa itaas ng kanilang bubong?
__________ 2. Lumubog ang mga bahay sa baha.
__________3. Naku! Nasira ang mga sasakyan.
__________ 4. Maari ba silang tulungan ng pamahalaan?
__________ 5. Magbigay kayo ng tulong upang mailigtas sila.

B. Subukang makasulat ng iba't-ibang uri ng mga pangungusap tungkol sa mga editoryal na mga larawan. Isulat sa patlang ang mga pangungusap at tukuyin kung anong uri ng mga pangngusap ang mga ito.




1. Pangungusap:


______________________________________________

______________________________________________

______________________________

Uri ng Pangungusap:

________________________________________




2. Pangungusap:

______________________________________________

______________________________________________

Uri ng Pangungusap:

________________________________________



1. Pangungusap:

______________________________________________

______________________________________________

___________________________

Uri ng Pangungusap:

______________________________________________




2. Pangungusap:

______________________________________________

______________________________________________

___________________________

Uri ng Pangungusap:

________________________________________




3. Pangungusap:
_______________________________________
_______________________________________
______________________

Uri ng Pangungusap:
_________________________________

C. Tingnan ang larawan at basahin ang editoryal.




https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/opinyon/2020/09/10/2041364/editoryal-ipagpatuloy-ang-pag-iingat

**Ipagpatuloy ang Pag-iingat**
*(Editoryal)*

Napa-flattened na umano ang curve ng coronavirus, ayon sa University of the Philippines (UP) OCTA Research team. Ang dating reproductive number na 1 ay naging 0.877. Nagpapakita umano ng improving ang sitwasyon.

Ang inihayag ng UP ay ikinatuwa ng Department of Health (DOH). Sabi ni Health Undersecretary Maria Rosario Vergeire, base sa indicators, ang transmission rate, mortality at critical care capacity ay kinakikitaan na ng pagbabago. Nasa tamang direksiyon aniya ang paglaban sa coronavirus.

Pero sinabi ng DOH na hindi pa dapat maging kampante ang lahat sapagkat hindi ibig sabihin na bumaba na ang numero ay tapos na ang health crisis. Hindi pa tapos ang pakikipaglaban at dapat ipagpatuloy ang ipinatutupad na health protocols. Hindi dapat balewalain ang pag-iingat sapagkat na-rito pa ang virus at patuloy pa rin ang transmission.

Nagpahayag din naman ng kasiyahan ang National Task Force Against COVID-19 sa findings ng UP researchers. Ayon kay Task Force head Carlito- Galvez Jr., nagbubunga na ang mga hakbang na ini-latag laban sa pandemic. Ganunman, nanawagan siya sa mamamayan na ipagpatuloy ang nakasa-nayan nang health standards. Huwag daw itong kali-li-mutan para tuluyang malabanan ang pagkalat ng virus. Hangga't wala umanong bakuna laban sa sakit, hindi dapat maging kampante at balewalain ang mga ipi-nag-uutos para maiwasan ang panana-lasa ng virus. Pag-iingat pa rin ang nararapat.

Hindi pa natatalo ang kalaban kaya ipagpatuloy ang nakasanayan nang pagsusuot ng face mask, face shields, magkaroon ng agwat sa bawat isa, maghugas lagi ng kamay, magdala lagi ng alcohol o sanitizer. Ugaliin din naman ang tamang pagta-tapon ng used face masks. Ilagay sa selyadong basu-rahan.

Ang pananatili sa bahay ang dapat pa ring pa-iralin. Huwag lumabuy-laboy at lumabas lamang kung talagang kailangang-kailangan gaya kung bibili ng pagkain, gamot at iba pang mahalagang ka-ilangan. Delikado pa rin ang sitwasyon lalo't nasa clinical trial pa lamang ang bakuna laban sa virus. Sumunod sapagkat para ito sa kaligtasan ng lahat.

Basahin ang mga pangungusap na mula sa editoryal sa itaas, ibigay ang iyong sariling puna gamit ang iba't - ibang uri ng pangungusap.

1. Napa-flattened na umano ang curve ng coronavirus, ayon sa University of the Philippines. Sagot: ____________________________________________
2. Hindi pa tapos ang pakikipaglaban at dapat ipagpatuloy ang ipinatutupad na health protocols. Sagot: ____________________________________________
3. Hangga't wala umanong bakuna laban sa sakit, hindi dapat maging kampante at balewalain ang mga ipi-nag-uutos para maiwasan ang panana-lasa ng virus.
   Sagot: ____________________________________________
4. Ang pananatili sa bahay ang dapat pa ring pa-iralin.
   Sagot: ____________________________________________
5. Ugaliin din naman ang tamang pagta-tapon ng used face masks.
   Sagot: ____________________________________________



# Isaisip

Ang ***Editoryal Cartooning*** ay nakabatay sa isang mahalagang at napapanahong isyu, opinyon o pangayayari. Ito ay karaniwang gumagamit ng paraang *caricature* kung saan ay inilalagay ng nakakatawa ang isang pangyayari o sitwasyon.

Ito din ay ginagamitan ng ibat- ibang simbolo upang ilarawan o ipahayag ang isang isyu, opinyon o pangyayari.

Ang nilalaman nito ay mensahe, drawing, opinyon, pangayayari, isyu at paninindigan (posisyon) ng Editorial Board.



# Tayahin

**A. Panuto:** Basahin at sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ang pangungusap na nagsasaad o nagsasabi ukol sa isang paksa. Ito ay nagsasalaysay at nagtatapos sa bantas na tuldok.
   a. Padamdam b. Pakiusap c. Pautos d. Pasalaysay
2. Ang pangungusap na naghahanap ng kasagutan. Nagtatapos ito sa tandang pananong.
   a. Padamdam b. Pakiusap c.Pautos d.Patanong
3. Ang pangungusap na nagsasabing gawin ang isang bagay. Nagtatapos ito sa tuldok.
   a. Padamdam b. Pakiusap c. Pautos d. Patanong

4. Ang pangungusap na naguutos. Ito ay pangungusap na nakikiusap o nakikisuyo. Maari din itong magtapos sa tuldok o tandang pananong.
   a. Padamdam b.Pakiusap c. Pautos d. Patanong
5. Ang pangungusap na nagsasaad ng matinding damdaming gaya ng galit, tuwa, lungkot, inis, o gigil. Nagtatapos ito sa tandang padamdam.
   a. Padamdam b. Pakiusap c. Pautos d. Patanong

**Panuto: Gawan ng pangungusap ang mga sumusunod na ayon sa hinihinging uri ng pangungusap.**

1. Tingnan mo kung kumukulo na ang tubig.
   (Pakiusap): ______________________________________________
2. Nakausap ko na si Gng. Reyes.
   ( Patanong): ____________________________________________
3. Pakibasa ang nakasulat sa pisara.
   ( Pautos): ______________________________________________
4. Nanalo sa loto si Ken.
   (Padamdam): ___________________________________________
5. Magaganda ba ang bulaklak ni Aling Rosa?
   ( Pasalaysay ): ________________________________________



# Karagdagang Gawain

Gawan ng Editoryal na Karton ang sumusunod na paksa.

**Rubriks:** Kaangkopan sa Tema: 5% Pagkamalikhain: 5% Kalinisan: 5%

1. Paksa: Bakuna kontra COVID 19

2. Paksa: Modular Distance Learning

# Susi ng Pagwawasto

**TUKLASIN:**

**A.**

1. **Pakisabi po sa delivery boy na sandal lang at tatapusin ko lang po itong ginagawa ko.**
2. **Walang anuman po. Mag – ingat po kayo sa daan.**
3. **Kuya, kanino po galling ang package na ito?**
4. **Sa wakas! Salamat at dumating na ang padala ni nanay.**

**B.**

1. **Opo, po**
2. **Po**
3. **Po, po**
4. **Po**
5. **Po, po**

**Karagdagang Gawain:**

1. Answer may vary

**TAYAHIN:**

**A.**

1. D
2. D
3. C
4. B
5. A

B.

6-10- iba – iba ang

**BALIKAN:**

1. **Ana**
2. DAhil may dumating na package
3. Package
4. Galing sa kanyang nanay/Gng Lopez
5. Answer may vary
6. Answer may vary

# Sanggunian


Brainly. “Gumawa ng isang dayalogo gamit ang iba’t ibang uri ng pangugusap.” Last modified January 24, 2019. https://brainly.ph/question/2096437.

Calatrava, Sacho. *Yaman ng lahi 4: Wika at pagbasa sa Filipino*. Pasig City: Sunshine Interlinks Publishing House, Inc.

Cana, Ronel. “Editorial cartooning.” Published September 16, 2012. https://www.slideshare.net/mobile/ronelcana/editorial-cartooning-14311021.

Filipino Star Today. “Editorial-Continue COVID skills.” Published May 16, 2020. https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/opinyon/2020/05/16/2014326/editoryal-ipagpatuloy-ang-mga-nakasanayan-sa-covid stunted-and-malnourished/amp/.

Gasgonia, Dennis. “Heroes in the medical battlefield.” ABS-CBN News, April 9, 2020. Accessed December 2020. https://news.abs-cbn.com/life/multimedia/photo/04/09/20/heroes-in-the-medical-battlefield

Liwanag, Lydia *Landas sa Wika 6 Batayang Aklat*, Quezon City: EduResources Publishing, Inc., 2011.

Noche, Pia. “Pagsasanay sa Fillipino.” 2015. https://samutsamot.com/wp-content/uploads/2015/01/uri-ng-pangungusap-ayon-sa-gamit_5-1.pdf.

Philstar Global. “Editorial-Stunted and malnourished.” Published July 2, 2019. https://www.philstar.com/opinion/2019/07/02/1931344/editorial-

Pilipino Star Ngayon. “Editoryal-Ipagpatuloy nd pag-iingat.” Published September 10, 2020. https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/opinyon/2020/09/10/2041364/editoryal-ipagpatuloy-ang-pag-iingat.

Saylo-Mejares, Rebecca. “Activity sheets in Filipino 4.” Accessed December 2020. https://depedsilaycity.weebly.com/uploads/9/2/3/3/92338776/filipino_4.pdf.

The Manila Times. “Typhoon Ulysses aftermath”. Published November 13, 2020. https://www.manilatimes.net/2020/11/13/editorial-cartoons/typhoon-ulysses-aftermath/795546/.

The Philippine Star. “Editorial-Big challenge to DepEd and parental. Published October 6, 2020. https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/opinyon/2020/10/06/2047452/editoryal-malaking-hamon-sa-deped-magulang.

The Philippine Star. “Editorial-Resuming education.” Published April 23, 2020. https://www.philstar.com/opinion/2020/04/23/2009144/editorial-resuming-education.